


**Abstract**

They welcomed the New Year as they always do—by setting fire to the heavens. What they didn't expect was that the skies were just waiting for a chance to shoot back.

**Keywords**

Ibon / Bird, Bagong Taon / New Year, Paputok / Fireworks, Hulog / Fall, Dystopian

**English title**

And Then the Birds Fell Down / The Fall of Birds

# NANG MAHULOG ANG MGA IBON

**KISHA ABUDA**

NANG GABING IYON ay sabay-sabay na nagbilang ang mga tao para himuking magpakita ang Bagong Taon. Parang inaamo nila ang tutang takot na takot sa kanilang mga hitsura, ngunit kung paglalaanan lang ng oras ay aamo rin kahit gaano pa kasama ang hangaring ikinukubli ng nagtatawag. Parang dasal ang paghimok na sama-samang sinasambit ng kongregasyon para tapusin ang seremonya ng pagsamba. Parang unti-unti itong pagpatay ng ilaw sa sinehan—isa-isang nawawala ang sindi ng bombilya sa malamig na bulwagan bago bigyang-buhay ang malaking screen. Tutok na tutok ang lahat. At dumating na nga. Kinulayan na ng mga paputok ang kalawakan. Naliwanagan ang lahat. Naliwanagan ang mukha ng mga manonood. Napakasaya nila dahil nag-apoy ang langit. Napapantayan ng alab sa kanilang mga puso ang lantarang pagsisiga sa mga ulap. Hindi alam kung ano ang usok sa alapaap. Naghahalo silang parang magkasintahang nasa rurok na ng masidhing pagtatalik. Halo-halo ang kulay na parang nilublob ng mga bathala ang dulo ng kanilang balabal sa mundo. Umungol ang buong siyudad. Nagtatatalon ang mga

tao sa kasiyahan. Walang lugar ang katahimikan at poot sa kaingayan na iyon. Nahiya ang buwan sa sunod-sunod na pagpapakawala ng paputok sa kalangitan. Hindi maikumpara ang tanglaw nito na pinapansin lamang sa karaniwang gabi ng taon. Isa na lamang ito sa maraming pumapalibot sa mundo, walang pinagkaiba sa mga makinaryang gawa-gawa ng tao. Gawa-gawang parang mga paputok na tao ang may hawak ng posporo.

Alam naman nila. Hindi kailanman mapapasakanila ang langit. Hindi nila ito pagmamay-ari. Hindi nila pupuwedeng hawakan at iuwi. Hindi nila maaaring itago, pagpira-pirasuhin, at ibenta. Hindi kanila ang langit. Alam nila iyon sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Kung kaya't labis ang pag-alab ng mga ito sa bawat pagpapakawala ng dahas paitaas. Maraming panahon ang itinakda para lamang magaya ang paglipad ng mga ibon. Dekada ang iginugol nila para makagawa ng mga eroplano at sasakyang-pangkalawakan. Ngunit hindi nito mapupunan ang pananabik sa kanilang mga sikmura. Sa kahabaan ng paghahabi nila ng kanilang kasaysayan ay walang sinuman ang kinayang magpasahimpapawid. At kapag tumitingala sila, wala namang ibang mahihinuha sa kanilang mukha kundi inggit. Kung kaya itinatanim nila ang kanilang amunisyon sa mga paputok. Maingat nila itong ibinabalot kasama ang pulbura at saka minamaskarang bahaghari. Ngunit ano bang bahaghari ang lumalabas sa kalaliman ng gabi? Napakataas ng kanilang puntirya. Mas mataas sa kaya nilang abutin. Kay layo ng agwat nila mula sa kanilang kinatatayuan at nais marating. Ngunit lubos ang kanilang kagalakan. Nagpupuyos ang kanilang damdamin. At taon-taon ang kanilang pag-iipon ng pulbura. Sapat nang paniklab ang kanilang motibo—walang gasolina na makapapantay rito at walang pagkiskis ang sinlakas nito.

Nang umapoy ang langit, hinayaan nilang manood ang mga musmos. Kinarga ng mga magulang ang kanilang mga anak—itinataas sila para makita nila kung paano nilalamon ng liwanag ang karimlan. Sa ganitong paraan lamang mapapanatili ang tradisyon. Hinagkan ng mga batang isipan ang pangyayari na parang along nanunumbalik sa buhanginan ng dalampasigan. Isa-isang kumawala ang paputok na parang raketang sa buwan ang bagsak. Mukhang mga krayola ang mga paputok. At ganoon na lang ang pag-ibig ng mga bata sa mga pintura sa langit. Hiniling nila na huwag mawala ang mga kulay. Naengganyo sila at ginusto pa ang maraming paputok.

Sumiyap sila sa tuyong hangin. Ramdam nila ang pagpintig ng kuryenteng nananalaytay sa kanilang mga katawan. Organisado ang

kaguluhang nais nilang mangyari sa kalangitan. At labis ang kanilang kaluguran nang sa bawat minuto ay nauubos ang mga paputok, humihina ang paligid, at nanunumbalik ang ingay na polusyon lang ng mga pangyayari ng siyudad. Hamog na lamang ng nabuga nang paputok ang nanatili sa gabi. At masaya nila itong sininghot. Ito ang amoy ng saglit na pagwawagi. Nanaig sila kahit man lang sa oras na iyon, sa unang araw ng Bagong Taon. Tapos na ang pagpupurga.

Magsisiuwian na sana sila nang mahulog ang mga ibon. Manghang-mangha sila kung paanong sabay-sabay na bumagsak ang mga may pakpak—kung paanong mahinang sumasalpak ang maliliit na mga katawan sa semento. Alam naman nila: wala namang dapat mahulog sa lupa. Ngunit alam rin nila na puwedeng mangyari iyon. Nabalitaan ng nakararami ang nangyari sa Europe ilang taon lang ang nakalipas. Nasa social media ang headline: *Mass descent of birds welcomed the New Year*. Ang sabi, hindi raw kinaya ng mga ibon ang usok mula sa mga paputok noong Bagong Taon. Masyadong naging malabo ang langit, hindi nila makita ang matataas na gusali, at isa-isang sumalpok sa kanilang kamatayan. Hindi raw makahinga dahil sa nakasusulasok na amoy ng usok. Kaya nang mahulog ang mga ibon sa Maynila matapos ang putukan, tuwang-tuwa ang mga tao. Hindi na lang Europe ang inuulan ng mga patay na ibon kapag Bagong Taon.

*Plok! Plok! Plok!* Rinig sa mga bubong ang paglagpak ng malalambot na katawan na parang mabigat na patak ng ulan o pagpisat ng prutas na nahulog mula sa sanga ng puno. Gulat nilang pinanood ang pagkahulog at narinig ang tili ng mga kolehiyala sa pagtilamsik ng dugo ng iilang ibon. Ang mga matatapang na mag-inspeksiyon ng mga bangkay ay dinutdot ang mga katawan. Mainit-init pa, ngunit wala na ang buhay sa kanilang mga bibig. Nakalaylay ang mga pakpak na bigla na lamang hindi gumana. Nangilabot ang ilan nang makita na dilat ang mga mabibilog na butil ng mata ng mga ibon. Wala na ang kislap sa mga ito. Ngunit hindi nila mauunawaan ang katakot-takot na saglit ng pagkatuto ng mga ibon, na ganoon na lamang, sa isang iglap kung mawala ang kakayahan ng kanilang pakpak na panatilihin silang nasa himpapawid.

Ngunit panimula lang ang takot ng mga tao sa kababalaghan. Sa loob-loob nila ay nagsindi na naman ang matandang pananabik. *Sa wakas!* Tugon nila sa kanilang mga sarili. Wala pang gustong umamin, ngunit hindi nagsisinungaling ang kanilang mga ngiti. Iyon ang nabunyag—nasupil na ang langit. Tanda ang mga ibon ng masidhing pagkatalo ng

mga diyos. Kung mayroon lamang natitira pang mga paputok sa tindahan ay pinagsisindi na nila itong lahat para ipagmayabang ang di-inaasahang tagumpay. Vinideohan nila ang pangyayari. Ang iba ay kumuha ng litrato sa kanilang mga cell phone. At mabilis na kumalat ang panibagong balita: *Manila welcomes New Year with fallen birds.*

Inabangan ng iilang residente ang paghinto ng pagkahulog, ngunit hindi ito dumating. Patuloy lang ang pagbagsak ng mga patay na ibon, walang huni o iyak na maririnig sa kanilang mga tuka. Tuloy-tuloy ang kanilang pagkahulog sa lupa. At parami nang parami ang mga bangkay. Nang dumating ang bukang-liwayway ay walang parte ng mga daan at eskinita sa Maynila ang walang ibong nakahandusay. At pagtuntong ng umaga ay hindi nila masalubong ang panibagong araw ng taon dahil tila may humaharang sa liwanag ng araw. Nagtatago ba ang banaag ng araw sa kanilang mga titig? Hindi nila alam kung tunay nga bang nag-umaga sa dilim ng kapaligiran. Tila para silang nasa ilalim ng malaking punong naglalagas ng dahon. Dahan-dahan ang pagkatuyot ng mga dahon na kusang bumibitaw sa mga sangang kinakapitan. Ngunit sigurado ang pananahan nila sa lupa kung saan nauuwi ang lahat ng patay na dahon na naghihintay na mawalis.

Lalong dumami ang ibon sa mga kalsada. Pagdating ng tanghali ay namumuo na ang laman, buto, dugo, at balahibo sa mga namamasadang jeep at taxi. Nagpayong ang mga nais pumasyal sa Intramuros. Nagdalawang isip ang mga magulang kung dadalhin ba ang kanilang mga anak sa Luneta. Siksikan ang mga tao sa mall. At marami ang piniling manatili sa kanilang tahanan. Ibinalita ng mga reporter ang kataka-takang pangyayari nang walang ibinibigay na malinaw na paliwanag. Tikom ang bibig ng mga feng shui experts na karaniwang ibinabalandra ang kanilang pagbasa sa hinaharap sa unang araw ng taon. Ngunit masama ang pangitain ng mga manghuhula sa tabi ng simbahan sa Quiapo. Ang iilang nangahas humingi ng paliwanag sa mga ito ay umuwing tulala o mugto ang mata. Wala silang bitbit na gayuma at panangga. Walang nakaaalam kung bakit patuloy na nahuhulog ang mga ibon mula sa langit.

Dahil nabalitaan ng mga bansa sa kanlurang bahagi ng mundo ang nangyari sa mga bansang nagpaputok pagsapit ng Bagong Taon, kaagad na nag-issue ang mga gobyerno ng babala na huwag magpaputok ng kahit anong fireworks. Ngunit hindi ito pinakinggan ng nakararami. Pasado alas-dos ng umaga sa London ay padami nang padami ang ibinabalitang

dami ng bilang ng ibon sa mga lansangan. Ulat sa BBC UK: *It isn't London's bridge that's falling down, its pigeons are.* Di pangkaraniwan ang pagkakaroon ng niyebe tuwing Bagong Taon sa Berlin, ngunit nasapawan ito ng mas pambihirang pangyayari—umuulan pa rin ng mga walang buhay na ibon apat na oras matapos nilang salubungin ang Bagong Taon. Sa New York, hindi nagpatinag ang mga tao sa Times Square at sinalubong ang panibagong taon sa pinakamagarbong paraan—pyromusical displays. Taon-taon itong ginaganap, at siyempre, dahil bayad na ang mga magtatanghal na artista, musikero, at mananayaw, wala sa isip nila ang ikansela ang pagdiriwang. Matapos ang pagpapaputok at kasiyahan ay namataang nahulog na ang mga kalapati na karaniwang makikita sa Central Park. Kaunti pa lamang sa una ngunit dumami rin nang dumami.

Hindi maiiwasan ang pagbagsak ng mga eroplano. 12:28 p.m. nang unang ibalita ng NAIA ang pagkawala ng ugnayan nila sa labintatlong eroplanong domestiko. Hindi nakarating ang mga biyaheng pa-Cebu, Bohol, at Davao. Nang mag-alas-dos ng hapon sa unang araw ng Bagong Taon ay umabot sa 34 ang bilang ng mga eroplanong nawalan ng signal, domestiko at internasyunal. Gayundin ang balita sa iba't ibang siyudad sa mundo. Inulan rin ang mga ito ng patay na ibon pagtapos ng malawakang pagpapaputok sa kani-kanilang siyudad. Naging sanhi ito ng pagkawala ng komunikasyon nila sa iilang eroplanong piniling lumipad kahit pa tuluyang nahuhulog ang mga ibon. 58 na flights ang kanselado sa Tokyo pagdating ng 3:00 p.m., 35 eroplano ang nawawala mula 4:23 a.m., at tatlo ang hinihinalang sanhi ng wildfire sa iba't ibang kagubatan sa Europe; 157 na flights ang kanselado sa Beijing pagdating ng 2:00 p.m., 63 na eroplano ang nawawala mula 5:15 a.m., 10 ang nabalitaang bumagsak; 49 na flights ang kanselado sa Bangkok, 16 na eroplano ang nawawala, 3 ang nabalitaang bumagsak sa Pacific Ocean.

May iilang nakaligtas at nabuhay para maikuwento ang mga pangyayari. Nanlumo ang mga nanonood sa bahay at nakikinig lamang gamit ang radyo. Ang sabi ng isang ininterbyu, isang lalaking naputol ang paa, maayos naman raw ang lahat sa una. Umalpas ang eroplano niya pasado ala-una ng umaga sa Taiwan Taoyuan International Airport papuntang San Francisco, at kasabay nito ang paunti-unting hulog ng mga ibon. Binalewala lang ng piloto dahil hindi pa naman raw dapat ipag-alala. Nalagpasan na nila ang dakong Japan nang makaramdam ng malakas na pag-ulan ang cabin. Masyadong mabibigat ang mga patak ng tubig ngunit hindi nila makita kung ano ang nasa labas dahil madilim pa.

Ilang minuto ang lumipas at tumunog ang alarm sa eroplano at sumindi ang babalang *Fasten your seatbelts* sa itaas ng mga upuan. Nagising ang ilang natutulog nang mag-ulat ng engine failure sa isa sa mga turbine engine ang isang namumutlang stewardess. Tumingin ang ininterbyu sa kanyang bintana at nakita kung paano sumalpok ang isang ibon rito. Dugo na lamang ang naiwan na kaagad namang hinangin. Pagtapos noon ay nagdilim na raw ang kanyang paningin. Sa ambulansiya niya na lang raw nalaman ang tunay na nangyari. Napakalaking lumpon ng mga ibon ang nahigop ng makina nang sabay-sabay kung kaya't uminit at nagliyab.

Sa loob-loob ng mga nakikinig, iniisip nila kung may hangganan ba ang pagkahulog. Naglungga ang takot sa kanilang mga puso. Paano na lamang ang langit kung wala na ang mga ibong lumilipad? Paano pa nila matitignan ang mga ulap matapos ang pangyayaring iyon? Ngunit nilunok lamang nila ang mga kuro-kuro. Wala iyong binatbat kumpara sa mga nagdaang delubyo. Pinatubo, Ondoy, COVID. Tuloy ang buhay. Ngiti sa camera at masuwerte na ang minsang pagtama sa lotto. Ngunit maya-maya ang sulyap nila sa mga orasan dahil hindi nila masabi ang oras sa pagtingin lang sa labas. Magkamukha na ang umaga at gabi. At iyon ang unang araw ng pagkahulog.

Kinabukasan, naglabas ng ulat ang mga premyadong siyentista sa isang institusyon sa New Zealand. Naghayag sila ng mga posibleng sanhi ng tuluyang pagbagsak ng mga ibon. Pagbabagong klima raw ang pinakamalakas na dahilan. Epekto ng pabago-bagong panahon, labis na kemikal na ibinubuga ng malalaking pabrika, butas na ozone layer. Walang naniwala. Masyadong malaking lukso ito sa nakasanayang pakinggan ng mga tao. Hindi puwedeng iyon ang rason. Mabuti sana kung paunti-unti—ang kamatayan ng mga ibon—baka pinaniwalaan pa ng mga tao na walang halong pangamba. Pero agad-agad na nahulog ang mga ibon isang gabi. Sabay-sabay. Walang tigil. Patay ang lahat bago pa man tumama sa lupa. Ibig sabihin, sa taas pa lang, patay na.

Sa pangatlong araw, nagising ang mga tao sa Maynila sa mas malakas na pagkalabog ng mga de-yerong bubong. Pagsasalarawan ng mga residente, parang may mga tumatalon na tao sa bubong nila. Paglabas nila, nakita nila na mas malalaking ibon ang inabandona ng langit. Napag-alamang Hornbill at Kingfisher ang mga ibon na iyon. Maraming pusa sa daan. Walang agawan sa pagkain. At lalong nagsitabaan ang mga daga sa kalye ng Noval. Namataan naman ang mga patay na Great White Pelican sa baybayin ng Sarangani. Akala ng mga tagaroon ay dumadaong

lang ang mga ibon para mandagit ng mga isda, ngunit nagtaka sila nang hindi na pumailanlang ang mga ito. Sa Sierra Madre, natagpuang walang buhay ang daan-daang species ng Philippine Eagle. Sa loob ng tatlong oras ay tinawag na silang critically endangered. Sa pangunguna ng UPLB, umakyat sa kabundukan ang mga naturalists at environmental activists para maghanap ng mga itlog ng ibon. Ginalugad rin nila ang mga natitirang nature reserves ng bansa. Marami ang nagboluntaryo para sa iba't ibang ekspedisyon sa arkipelago. Hinalughog nila ang mga kakahuyan para sa mga pugad ng mga itlog sa mahahalagang uri ng ibon. Sa isang ekspedisyon, isang baboy-ramo ang namataang may kagat-kagat na sisiw ng agila. Hula ng mga nakakita, baka nahulog ito pagkapanganak pa lang mula sa pugad sa sanga ng punong mataas.

Sa ikaapat na araw, bumalik ang sigla sa mga lansangan ng Maynila. Balita sa 24 Oras: *Walang gutom sa Maynila*. Isang reporter sa Tondo ang kumausap sa mag-anak na may limang paslit. Habang iniinterbyu, makikitang umuusok na ang uling sa lutuan na yari sa pira-pirasong metal. Ayon sa padre de pamilya, sinagot na raw ng Diyos ang panalangin niya simula pagkabata. "At ano naman po iyon?" tanong ng reporter. "E, siyempre, pagkain sa araw-araw!" sagot ng tatay. "Ano ho ang luto n'yo d'yan?" tanong ng reporter. "E di ang paborito ko simula pagkabata, fried chicken!" sagot ng tatay. "E, anong ibon po ba yan? Manok po ba?" tanong ng reporter. "Importante ba? Basta may pakpak, manok din yan!" sagot ng tatay. Iba-iba ang luto sa mga ibong natagpuang nakahandusay lang sa daan—inasal, ibinabad sa toyomansi, barbecue, breaded. Sa sikat na Hepa Lane sa Asturias, Dapitan, makikita na naglalako ang ilang tindero ng chicken popcorn, chicken skin, at spicy chicken pops. Tanong pa ng isang reporter, "Sigurado po ba kayong manok 'yan?" Natigilan ang tindero sa pagpiprito at tumingin sa camera, "Oo naman ho, bakit naman ho ako magbebenta ng iba?" Sabi naman ng isang Bayan Patroller, samot-sari raw ang reaksiyon ng mga netizens. Sabi ng mga optimist, mabuti na raw iyon dahil matatapos na ang world hunger dahil libre na ang karneng ibon. May iilan na umikot ang sikmura nang makakita na tinutusta ang karne ng mga parrot at kalapati ng mga pulubi sa Makati. Walang imik ang mga animal welfare groups. Wala naman kasing pangangaso ang naganap, walang pumatay ng ibon. Wala silang masita o masabihan ng masama. Dahil sa mga balitang iyon, nag-issue ang lokal na gobyerno na h'wag kainin ang mga nahulog na ibon dahil hindi pa naman sigurado kung ligtas itong kainin. Nang hingin ang opinyon ng isang mangangalakal sa

Hagonoy, ang sabi lang, "E mas mabuti nang mamatay nang busog kesa walang laman ang tiyan!"

Kinabukasan, nagpulong ang mga alkalde ng Kamaynilaan tungkol sa tumataas na bilang ng patay na ibon. Kahit marami ang kumakain ng mga nahulog na ibon, mas marami pa rin ang nahuhulog mula sa langit. Patong-patong na ang mga naninigas at naaagnas na bangkay ng mga ibon. Naglipana ang mga bangaw, uod, ipis, at daga, araw man o gabi. Sa isang village sa Quezon City, nabalitaang nagkakasakit ang mga residente. Sintomas ng trangkaso ang lumabas dahil kasama nilang naninirahan ang mga patay na ibon. At kahit pa anong subok nila na walisin ang mga bangkay papalayo sa kanilang mga bahay, napapalitan naman ito ng mga bagong hulog na ibon. Tumataas lang ang tambak ng mga bangkay. Kaagad na dumating ang mga magbabasura at ang malalaking trak nila. Tumulong na rin ang mga bombero. Naghakot sila ng libo-libong ibon. Ang mga malalapit sa dalampasigan o dagat ay nagmadaling itapon ang bunton sa tubig. Saka na lang raw alalahanin ng mga residente kapag bumagyo at inanod ito pabalik sa kanila. Umalingasaw ang nakasusulasok na amoy sa Manila Bay. Pinagbawalan na magtapon ng tone-toneladang ibon sa Pasig River. Hinaing ng mga residente, "E may nahuhulog rin naman na mga patay na ibon doon, bakit kami hindi puwedeng magtapon?" Kaagad namang napuno ang mga tambakan ng basura sa lahat ng siyudad sa bansa. Nagpatawag uli ng pagpupulong noon ding hapon na iyon ang mga alkalde. Pinag-usapan nila ang paghuhukay ng mass graves. Kailangan raw ng mas malaking budget. At habang nagkakainitan na ng ulo ang mga lider, sumilip na ang gabi kahit tila parang walang nagbago sa mga lansangan—ganoon pa rin ang dami ng patay na ibon.

Sa ikaanim na araw, napuno ang mga pamilihan, probinsiya man o siyudad. Bumulwak na ang pangamba ng mga tao, paano raw kung ang mga ipinagbebentang karne ng manok ay hindi naman talaga manok? Kahit pa libre ang mga katawan ng ibon, hindi naman lahat ay sang-ayon sa pagkonsumo nito. Sabi pa ng ilang eksperto, di malabong magkaroon ng shortage sa pagkain kung patuloy pa rin ang pagbagsak ng mga ibon. Isang ulat ang dumating galing Baguio na nasisira raw ang mga tanim na gulay doon dahil sa mga patay na ibon. Wala kasing kakayahan ang mga magsasaka na alisin kaagad ang mga ibon bago pa sila mabulok. Nangangain ang mga uod sa mga pananim. Sabi ng isang magsasaka na ininterbyu sa TV5, "E di ho kaya nitong mga tolda na gawa namin ser,

natutumba, tapos sa gilid lang napupunta 'yong mga ibon kaya gano'n din." Inilibot ng camera ang maliit na sakahan ng magsasaka at makikita na pinagtagpi-tagping tarp ng mga pulitiko ang gamit sa improvised na tolda. Mga malalaking korporasyon lang ang kayang magtayo ng mga bubong panangga sa mga nahuhulog na ibon. Palagay ng mga eksperto, lalong maghihirap ang maliliit na magpuprutas at maggugulay kung patuloy na sa parehong sanga nakabitin ang mga bangkay ng ibon at mga prutas. Marami ang tinatayang magsasara hangga't nahuhulog ang mga ibon.

Nang gabing iyon rin, nabalitang nagpulong ang mga biologists at ecologists ng bansa. Paliwanag nila, malaki ang epekto sa takbo ng kalikasan ang pagkahulog ng mga ibon. Unang araw pa lang ay marami na ang nasawing ibon na bahagi ng takbo ng buhay ng iba't ibang ecosystem sa arkipelago. Bukod sa kumakain ang samot-saring uri ng ibon ng iba pang hayop at insekto, pagkain rin sila ng mas malalaking hayop. Kung kaya't dahil patuloy ang pagharap ng maraming species ng ibon sa kanilang katapusan, magugulo rin ang gawi ng pagkain ng ibang hayop sa buong mundo. Mas mahirap ang magaganap na polinasyon ng mga halaman at bulaklak, na makaaapekto rin sa mga damuhan, kakahuyan, kabundukan, at katubigan, hindi lamang sa bansa kundi sa buong daigdig. Usap-usapan na ang pagko-clone sa mga mahahalagang uri ng ibon ng mga bansa na may maunlad na teknolohiya. Dahil posible iyong mangyari, pinaalalahanan na ng mga siyentipiko ang gugugulin g budget ng gobyerno para rito. Umalma naman ang ibang dalub-agham. Etikal daw ba na kopyahin, buhayin muli, at paramihin pa ang mga ibon na pinili ng kalikasan na mawala? Umalma ang DOST. Hindi kakayanin ng budget ng bansa ang cloning. Umalma ang DENR. Paano na raw ang mga ecosystems na masisira? Matagal bago matapos ang broadcast sa telebisyon.

At habang nangyayari ang lahat ng iyon, dumating na ang ikapitong araw ng pagkahulog. Naroroon pa rin ang problema ng pagdispatsa sa mga bangkay ng ibon. Tuloy pa rin ang pag-deploy ng mga trak ng basura. Ginamit ng mga bombero ang hose ng kanilang trak para mas madaling linisin ang mga kalsada. Dumaloy ang dugo at balahibo sa mga kanal ng siyudad. Nagpulong ang mga magkakapitbahay. Napagtantong kailangan nilang makipagtulungan sa barangay upang mas mapabilis ang paglilinis ng siyudad. Kung hahayaan lang kasi nilang lokal na pamahalaan lang ang maging responsable sa mga bangkay ay aabutin

sila ng siyam-siyam. Laganap na ang sakit sa mga bata at may edad. Labis na kasing nakasusulasok ang amoy ng mga patay na ibon. Pati mga maliliit na halaman sa mga paso ay nalalanta dahil rito. Dahil rito, minabuti ng mga tao na sunugin ang mga bangkay. Sa isip-isip nila, ito ang pinakamabilis na paraan para maresolba ang problema. Nagpasiya silang silaban muna ang tumpok ng mga ibon kung saan itinatambak ng mga trak ang bangkay, habang ang iba ay patuloy sa paghahakot ng mga naaagnas na ibon. Suot-suot ang mga face mask, face shield, at matigas na sombrero, mabilis na tinipon ang kahit anong mahanap na materyales para gawan ng hangganan ang pagsiga. Hollow blocks, bato, at yero ang dinala ng buong barangay. Ang iba ay dinala na mismo ang parte ng kanilang mga tarangkahan. Naubos ang mga bakal sa junk shop. Naglaban ang amoy ng gasolina at bangkay. At kaagad nilang sinilaban ang gabundok na kumpol ng mga walang buhay na ibon. Umalingasaw ang amoy ng agnas. At nagliwanag ang mga kapitbahayan ng Maynila na ilang araw nang nakararanas ng kadiliman.

Nagsalit-salit ang mga tao. Kailangang palaging may naghahakot at nagsusunog. Hindi maaaring tumigil kahit gaano sila kapagod. Ang mga kayang umuwi matapos ang buong araw ng pagsisiga ay sinalubong ng kanilang pamilya nang may takot sa kanilang mata. Balot ang buong katawan ng itim na dumi, dugo, at balahibo. At kahit labis ang pagkapagal ay nagtatatakbo sila sa banyo upang magbuhos ng sarili. Hindi nila matiis ang kanilang kinahinatnan. Hindi dumaplis sa kanilang mga isipan ang pagkain dahil sa nakasusukang singaw ng nabubulok na bangkay at pagtusta sa mga ito. Ang lahat ay nakatakip ang mukha dahil umaabot pa rin ang amoy ng usok sa mga kabahayan. Marami ang nahimatay. Ang mga may hika ay inatake. May mga namatay. Tinatayang labintatlong milyong tonelada ng ibon na ang nahulog sa kanilang katapusan simula Bagong Taon. At sa bilis ng kanilang pagbagsak sa lupa, isang linggo na lamang ang kakailanganin bago tuluyang mawala ang kanilang uri. Ngunit walang panahon ang mga tao para isipin iyon. Para sa kanila, sapat na ang maialis ang mga ibon sa kanilang mga kabahayan. Sapat na ang walang sakit at makapasok sila sa trabaho. Mainam na ang magkaroon ng edukasyon ang kanilang anak. Nais lamang nilang marating ang bukas nang nakatindig at humihinga, kahit pa naghihikahos. Ngunit hindi mangyayari iyon hangga't may ebidensiya ng kamatayan. Naroroon pa rin ang mga bangkay ng may pakpak, biktima ng kung ano mang sakuna, ng krimen na walang may sala. Kaya patuloy sila sa pagsisiga. Pinapanood

nila, sa likod ng mga luha, kung paanong tinutupok ng apoy ang mga ibon, umaaso ang mga bangkay pabalik sa langit kung saan sila tunay na nanggaling. Sa isip-isip nila, inaalay nila pabalik ang mga ibon. *Inyo na, inyo na! Kunin n'yo na sila!* Kailangan lang nilang panatilihin ang lingas. Sa pambihirang pagkakaton, binuhay nito ang alab sa kanilang mga puso, alab na kupkop nila noong Bagong Taon, habang pinagmamasdan ang mga paputok sa langit. Hanggang sa mano-mano nilang dinakot ang mga ibon sa pagmamadaling maitapon ang mga ito sa nagbabagang liyab. Tila parang nagtutunggali ang mga walang buhay at buhay na apoy—nilalamon ng init ang malalamig na bangkay na parami nang parami, pataas nang pataas, na nagbabadya na matabunan ang alab sa bigat na kanilang dala. *Bilis! Bilis!* Gumapang na sa kanilang mga ulo ang sindak na malibing nang buhay kasama ang mga patay. Sinabayan ng kabog sa kanilang dibdib ang sigaw ng kanilang isip.

At sa kanilang mga bahay, binanggit na nila ang kanilang mga dasal. Gayundin ang ginawa ng mga may sakit at walang pag-asa—nagtipon sila sa mga simbahan at templo, nagmamatyag sa mga susunod na mangyayari, habang walang habas na nananalangin. Paniniwala nila na kung pagsasama-samahin nila ang mga dasal ay makasisingit ito sa delubyo ng langit, at makararating sa pintuan ng langit. Ngunit ang mga hindi na kaya pang umusal ng panalangin, ang mga walang nakikitang hinaharap, ay sa ospital ang uwi. Maraming nawalan ng bait sa loob lamang ng isang linggo. Pero limitado rin naman ang kapangyarihan ng mga doktor sa pagsupil ng hysteria. Alam nilang kailangan nilang pakalmahin ang mga pasyente at lituhin ang mga diyablo sa kanilang isipan. Agad na inutos ang pagsasara ng mga pinto at pagtapal sa mga bintana. Pinalitan ang mga pastel at puting kurtina ng itim at kulay-abong tela. Nilakasan nila ang bolyum ng telebisyon at stereo para masapawan ng mga nakatatawang palabas at mundong kathang-isip ang katotohanan ng walang humpay na pagbagsak ng mga ibon. Ginawa nilang lahat para hindi marinig ang ingay at pagdurusa sa labas. At kinalaunan ay ganoon rin ang ginawa ng mga may-ari ng hotel at condominiums. Ang mga madiskarte at walang habag ang kumita ng maraming pera sa pagsingil sa mga nais makalimot. Isinama na rin ang room service. Nakatulong ito sa pagsupil sa kabaliwan.

Sa mga pulpito at radyo, nangaral ang mga pastor at lider ng iba't ibang relihiyon. Pumutak sila ng mga sermon na walang namang nanghihingi, walang nakikinig. Iisa lang ang kanilang mensahe—naririto na ang

katapusan. At iyong mga nakarinig na at piniling maging bingi ang mapaparusahan kung hindi magsisisi. Nagbanggit sila ng mga banal na berso at kasinungalingan, ngunit walang makapagsabi kung ano ang tunay at hindi. Ang sabi ng iba, manalig lamang dahil may sukat na bilang ang mga ibon, at kung maubos iyon ay matatapos rin ang lahat. Ngunit pagtapos noon ay may mas malagim na pangyayari ang magaganap na siyang magpapaluhod sa sangkatauhan at dudurog sa kanilang kaluluwa. Ang hinuha naman ng iba, maaaring kaiba sa nakagawian ang dahilan ng pagkahulog. Maaaring nagmula sa labas ng daigdig o di kaya'y sobrenatural ang sanhi ng lahat ng iyon. Katuloy ng teorya na ito ang isa pa, na baka raw hindi na mga ibon ang hinahakot ng mga tao at patuloy na nahuhulog mula sa langit kundi mga alien. Wala na kasing tumitingin pa sa mga bangkay. Diretso na sa apoy ang kahit anong mahawakan nila. Wala na ring nagbibilang ng mga bangkay. Wala nang may gustong makaalam kung gaano pa karami ang mahuhulog. Hinayaan nilang pumatak ang mga numero. Tila parang napakatagal na simula noong unang mahulog ang mga ibon ngunit walang makaalala kung kailan ang eksaktong petsa. Wala naman nang gamit ang mga kalendaryo. Wala silang maaninag na hinaharap. At dahil wala nang oras, nakalutang lamang sila kasama ang mga patay.

Ang ibang mga siyudad ay unti-unting sumuko na lang. Pinahintulutan nilang ilibing sila ng mga patay kasama ang kanilang mga bakuran. Kakatwa kung paanong mga bangkay ang gumawa ng hukay para sa mga bayan na dati rati'y masigla at puno ng buhay. Pinili na lamang nila ang matahimik. Ang iba na malalapit sa dagat ay naglayag. May mga barkong wala nang balak bumalik sa lupa kung saan gabundok na ang mga bangkay. Mas madali kasing itapon na lamang sa tubig ang mga nahuhulog na ibon. Kahit sa ganoong paraan ay makakaya nilang mamuhay pang muli. Ang mga mayayaman ay lumipad gamit ang mga pangunahin at mamahaling eroplano na kayang tumagos sa kumpol ng mga ibong nahuhulog. Sumama naman ang mga bilyonaryo at ilang kawani ng gobyerno sa lipad ng mayayamang bansa, papuntang kalawakan. Kasama nila ang mga siyentipiko at dalubhasa. Susubukan nilang mamuhay sa mga satellite at spaceship na nakadestino doon habang inaalam kung ano ang tunay na nangyari sa daigdig. Ibinulsa nila ang natitirang pag-asa at ambisyon sa hinaharap. Ito na lamang ang mayroon sila.

Ang mga naiwan sa lupa ay sinikap pa rin na panatilihin ang pagbabaga ng apoy. Sa puntong iyon ay sinusunog na ng mga bangkay ang kanilang

sarili at kailangan na lamang nilang panoorin ang pagliwanag ng mga ito. Bumalik sila sa kani-kanilang tahanan, nagtalik, at natulog nang mahimbing. Hinayaan ng mga magulang na magpuyat ang mga anak sa kalalaro at kaiisip ng mga pantastikong pangyayari na sa mga palabas at libro lamang nila makikita. Ang mga maliliit pa ay nagkuwentuhan tungkol sa mga paputok, iyong mukhang krayola, kung paano ito tumutudla sa langit at nagpapasabog ng maraming kulay. Inalala nila kung paano ito ginagawa taon-taon. Isinalaysay ng mga nakatatanda kung paanong itinataboy ng mga paputok ang masasamang elemento, katakot-takot na espiritu, at labis na kamalasan. Ginagawa raw ito para payapang makapasok ang Bagong Taon sa kanilang mga tahanan. At ganoon na lamang ang hiwaga sa mga mata ng batang nakikinig sa kuwento. Sa kanilang puso at isipan, lumilipad sila, pataas nang pataas, lagpas pa sa mga ulap.